# Prologue

Taong 1983. Nakaabang ang batang si Meredith Fuentes sa pagdating ng kanyang papa at kapatid mula sa Baguio City. Nakasuot siya ng magandang pink dress. Espesyal ang araw na ito dahil kaarawan niya.

Alas diez na ng gabi. Kaninang umaga pa siya naghihintay, pero bakit wala pa ang mga ito? Umupo siya sa tabi ng bintana.

"Meredith, anak, gabi na. Matulog ka na." Tumabi si Aling Celia sa naiiyak na bata. Ang matandang-babae ang mayordoma sa bahay. Inatasan na rin nito ang sarili bilang yaya ng bata.

"Siguro ay na-traffic lang sila, Yaya Celia." Pinilit niyang ngumiti. Kumapit siya nang mahigpit sa rehas ng bintana.

"Bukas, nandito na sila."

"Sayang, wala sila kanina. Hindi nila natikman iyong ube cake na ginawa mo."

"Para lang iyon sa paborito kong alaga." Kinusot

nito ang buhok ni Meredith.

Naawa si Celia sa bata. Nag-celebrate ito ng kaarawan na wala ang maituturing na pamilya, kundi mga katulong sa bahay. Malapit siya sa mga kasambahay dahil bukod sa mabait ay sweet siya sa kanila. Kabaligtaran siya ng kanyang Ate Margaret na maldita at walang respeto sa mga kasama sa bahay.

Malaki ang kaibahan ni Meredith kay Margaret. Siya ay may magandang puso samantalang ang kapatid ay nagmana sa ama nito na temperamental at domineering.

*Kung puwede ko lang sanang ampunin ang batang ito*, naisip ni Celia.

Lumiwanag ang mukha ni Meredith nang may kotseng pumasok sa driveway ng bahay. Tumingin ito sa yaya at excited na bumaba papuntang living room.

Pagbukas ng pinto ay lumapit siya kay Sergio Fuentes. Yumakap siya rito nang mahigpit. Uncomfortable na itinulak ng matandang lalaki ang bunsong anak. Hindi ito sanay sa show of affection.

“Kumusta ka, Meredith?”

“Mabuti, Papa.” Tumayo siya sa harap nito at

hinintay na batiin siya sa kanyang kaarawan.

Nakasunod naman ang labing-limang taong gulang na si Margaret. Tumaas ang kilay nito nang makitang nakasuot ng magandang damit ang nakababatang kapatid. “Uy, may pupuntahan ka bang Halloween party at nakaporma ka?”

Natigilan si Meredith. Hindi ba alam ng ama at kapatid na kaarawan niya ngayon?

“Binili ito ni Yaya Celia para sa akin. Maganda ba, Papa?”

Tumango lang ang matandang lalaki. Pagkatapos ay tumingin ito kay Margaret. “Would you call my secretary tomorrow and tell her to book an early flight for me to Switzerland?”

“Yeah, I’ll do that.”

“Thanks, hija, you are really a great help. You also did good when you entertained our business partners in Baguio.”

“Kanino pa ba ako magmamana?”

“Well, you got my good business timing and diplomacy. I am really proud of you, hija.”

Unti-unti ay naramdaman ni Meredith na nawala na naman siya sa eksena, na hindi siya nakikita ng kanyang ama at kapatid. Palagi siyang outsider kapag nagsisimula nang mag-usap ang mga ito tungkol sa negosyo.

Napayuko siya. May kamay na humaplos sa kanyang buhok. Napatingin siya sa taong iyon at nasalubong niya ang naaawang tingin ni Yaya Celia sa kanya.

"Halika, matulog na tayo," udyok nito. "Kukuwentuhan kita ng favorite fairy tales mo."

Dati-rati ay magtatalon na si Meredith sa pangako ni Yaya Celia, pero sa pagkakataong ito ay gusto niyang lumubog sa ilalim ng lupa. Tumalikod na siya. Dumaloy ang luha sa kanyang magkabilang pisngi.

# 1

Itbayat, Batanes, sa taong 2009. Papalubog na ang araw at nagsisimula nang kumalat ang dilim. Nagliligpit na rin ang excavation group sa *Torongan Cave*.

"Ma'am Meredith, hindi pa ba kayo uuwi?" tanong ng isang student staff sa dalagang may makapal na salamin.

Sandaling inalis ni Meredith ang konsentrasyon sa mga surface finds na nililinis. "Mauna na kayo, Maui. I will just finish this one."

Napailing si Maui. Isa si Meredith sa pinaka-dedicated na anthropologists na nakatrabaho nito. Pero kakaiba ang absorption at total concentration na nakikita nito sa professor.

"Okay, Ma'am. I will go ahead. Just make sure you're not staying too long. It's eerie here." Parang nangilabot pa ito. Madilim ang kuweba at walang naririnig na ingay maliban sa tunog ng dagat.

Napangiti siya. Na-transform ang simpleng mukha niya at mapapansin na maganda rin si Meredith lalo na sa dimples na lumalabas sa

magkabila niyang pisngi. “Hey, sanay na ako sa ganitong work environment. Besides, nasa labas lamang si Professor Trinidad.”

Si Professor Abel Trinidad ay colleague niya sa university kung saan siya nagtuturo. Kasama rin niya ito sa excavation project na sponsored ng isang Australian university.

Pagkaalis ni Maui ay bumalik ang dalaga sa kanyang trabaho. Kahit na ahead sila sa target date ng excavation phase, she didn’t want to slow down her work. Kakaiba talaga kung ini-enjoy niya ang trabaho.

Isa pa, masaya siya kapag nasa field work. Malayo siya sa pressure ng kanyang pamilya, sa pang-uuyam ng kanyang ama at nakatatandang kapatid sa klase ng trabahong pinasukan niya.

Lumipas ang isang oras. Nagulat si Meredith nang makitang alas siete na pala ng gabi. Umuwi na rin kaya si Abel? Sana ay hinintay siya nito para sabay silang maglakad pauwi sa pension house. She treasures the time that she spends with him. Dito ay nakakapag-usap sila tungkol sa buhay-buhay o tungkol sa trabaho nila.

May hinihintay rin siya sa binata. Pakiramdam

niya ay magsasabi na ito ng tunay nitong damdamin sa kanya. Napangiti siya nang lihim sa naisip.

Nagsimula na siyang magligpit ng kanyang mga kagamitan. Natigilan siya nang may kaluskos siyang narinig mula sa madilim na entrance ng cave.

"Abel?" tawag niya.

Hinintay niya ang pamilyar na tunog ng paglalakad ni Abel, pero sa halip ay katahimikan. Bumilis ang tahip ng kanyang dibdib. Wala namang dangerous animal sa *Torongan Cave*, hindi ba? Mabilis niyang kinuha ang malaking backpack at flashlight at patakbong lumabas ng kuweba.

Sumigaw si Meredith nang may kamay na pumigil sa kanya mula sa dilim. Nagpapalag siya. Sinipa niya ito. Narinig niya na napaaray ito.

"Hey, hey, calm down, Miss." Isang baritonong boses ang nagsalita. "Hindi kita sasaktan."

"Bitiwan mo ako!" Sinipa niya uli ito.

Natumba siya sa sahig ng kuweba nang bitiwan siya nito. Nanginginig ang kamay na kinuha niya ang flashlight at isinilaw sa estranghero.

Nanlaki ang mga mata ni Meredith sa nakita. Hubo't hubad ang lalaki na tila bagong panganak!

She had never seen a naked man before. Napaatras siya at namutla.

"Are you all right?" Lumapit ang lalaki para tulungan siyang tumayo.

"Don't touch me!"

Mabilis niyang tinakpan ang mga mata. Nagulat siya nang marinig na nagmura ito pagkatapos ay bahagyang natawa.

"I'm not a rapist, Ma'am. I assure you that. I don't go around dark caves raping women."

Binuksan niya ang mga mata. "P-pero bakit…?" Hindi niya masabi ang salitang 'hubad'.

"I was intending to go swimming when I heard some noise inside the cave. I left my clothes back there in the trees."

"Then, put some clothes on!" May hysteria ang boses ni Meredith.

"Yes, Ma'am." Kahit hindi siya tumitingin ay na-imagine niya ang amusement sa mukha ng lalaki.

Sa ilang saglit na nakita niya ang mukha at katawan nito ay masasabi niyang may hitsura ito. Isa pa, tila hindi ito nahihiyang magpakita ng sariling

kahubaran. Kung ibang lalaki ay baka mabilis na itong nagtakip ng katawan pagkakita sa kanya.

One thing is sure: this man is no gentleman. Hindi siya magtataka kung nagbebenta ito ng aliw sa mga matrona sa Maynila.

Narinig niya ang kaluskos ng mga damit na isinusuot. Tumayo siya. Nanginginig pa rin ang tuhod niya sa shock. Mabuti pang iwan na niya ang lalaki habang abala ito sa pagsusuot ng damit.

Paglabas ni Meredith sa kuweba ay talagang madilim na. Wala na rin ang sasakyan ni Abel. Nakaramdam siya ng pagkainis dito. Hindi man lang siya hinintay nito! Kung sakaling rapist pala ang aroganteng lalaki ay wala man lang makakarinig sa kanya.

Nagsimulang maglakad si Meredith. Kalahating oras na lakad lang naman mula rito papunta sa pension house. Nagulat siya nang sumabay ang di-kilalang lalaki.

"Ihahatid na kita," anito. "This is no place for a lady like you to be alone."

Aba't gusto ba siyang gawing kliyente nito? Pati ba naman sa Batanes ay balak nitong mag-pick up ng babae?

"Sanay na ako rito. Two months na akong assigned rito. Huwag mo na akong ihatid."

Binilisan ni Meredith ang lakad pero sumabay pa rin ito. "Ano'ng trabaho mo rito?"

"Anthropologist."

"I see. I should have known."

Muli ay tumaas ang dugo ng dalaga. Wala mang sinasabi ang kausap ay maraming kahulugan sa tono nito. "Is that an insult or what?"

"Oops, sorry. I just thought that you suit your job with your attitude and thick eyeglasses."

"Salamat, sanay na ako sa ganyang stereotype," sarkastikong tugon ni Meredith. Lalo niyang binilisan ang paglalakad.

"I did not mean to insult you." Hindi nahirapang humabol ang lalaki at humarang sa dadaanan niya. Iniabot nito ang kamay. "Siyanga pala, I'm Bryan."

"Meredith." She ignored his hand and continued walking. She had a feeling that she amuses him. Umaandar ang pagiging defensive niya rito. Dahil siguro masyado itong guwapo at self-confident.

Nasa kalsada na sila. Nakita niya nang direkta si

Bryan sa streetlight. Guwapo talaga ito. Animalistic ang appeal. Okay, mukha na itong nasa middle thirties pero matipuno pa rin ang pangangatawan nito, may taas na 5’11” at mukhang mestizo na Pinoy. May isang hikaw pa ito sa kaliwang tainga na lalong nag-reinforce sa bad boy image nito.

*Marahil ay high-class male prostitute ito*, naisip niya. “What are you doing here in this island?”

“Nagre-relax. Masyadong hectic sa Manila.”

“I see, bakit dito pa sa Batanes? Why not Boracay or Puerto Galera? Walang masyadong turista dito.”

“Gusto ko na mas kaunting turista.”

*Pero kaunti ang customers dito*, lihim niyang naisip.

Napansin ni Bryan na namumula ang mukha ng dalaga at tila hindi naniniwala sa sinabi niya.

“Teka muna, are you thinking what I think you are thinking?” Lumabas ang dimples sa isang pisngi nito at pumalatak.

“Wala akong iniisip!” depensa ng dalaga sa sarili pero lalo siyang namula.

“You think I am a gigolo, don’t you?”

"Wala akong sinasabi." Sh*t! Mind reader din ba ang lalaki?

Imbis na mainsulto ay natawa ang lalaki. Masarap pakinggan ang tawa nito. Malutong at puno ng amusement. Hindi tuloy namamalayan ni Meredith na nasa tapat na sila ng pension house at naghihintay si Abel sa labas ng pinto.

"Meredith?" Lumapit ito sa dalawa at may suspetsang nakatitig kay Bryan.

"Hello, Abel." Nakaramdam siya ng relief pagkakita sa binata. Nakalimutan din niyang naiinis siya rito dahil iniwan siyang mag-isa sa kuweba.

Mabilis siyang lumapit sa colleague. "Salamat sa paghahatid mo sa akin," baling niya sa natatawa pa rin na si Bryan.

"At your service, Madam. Puwede mo akong kontakin kung kailangan mo pa ang aking… ehem, special services." Sinabi nito ang hotel kung saan ito nakatira pagkatapos ay sumisipol na umalis.

"Sino 'yun?" nakakunot-noong usisa ni Abel.

Halos kasing-taas niya ito sa height na 5'5". Hindi ito kataasan, pero kapag nagsalita na ito sa malinaw na boses nito ay nakakalimutan niyang maliit lang

itong lalaki. Nakasuot din ito ng salamin, pero sa kanyang paningin ay si Abel ang pinaka-attractive na lalaki sa kanya. Hindi tulad ng Bryan na iyon na oozing with sex appeal. Si Abel ay oozing with intelligence and sensitivity which suits her taste.

“Wala, nakilala ko lang sa kuweba.”

“It’s not good for you to accompany strangers especially men. Hindi mo alam kung anong klaseng tao sila.”

Nakaramdam si Meredith ng kilig. Concerned ba ito sa kanya o nagseselos?

“Kumain ka na ba? I’m starving,” pag-iiba niya ng usapan pagkatapos ay niyaya na si Abel sa canteen ng pension house.

# 2

Sa isang restaurant sa loob ng *Makati Shangri-La Hotel*, may dalawang babaeng nakapuwesto sa pang-apatang mesa. Kinakabahan na ang personal secretary ni Margaret Fuentes na si Racquel. Napansin niya na nasa bad mood na ang amo. Hindi ito sanay na pinaghihintay.

“Did you contact his secretary?”Ang maganda at perpektong mukha nito ay nakasimangot.

“Yes, Ma’am.”

“I have been waiting here for thirty minutes,” gigil na sagot nito.

“His secretary said he will come directly from the airport to meet you here.”

“Then, call that secretary again.” Kumuha ito ng sigarilyo mula sa mamahaling bag.

Kaagad na kumuha si Racquel ng lighter mula sa bag nito at sinindihan ang sigarilyo ng amo.

Mestiza si Margaret at tsinita ang mga mata. Mukha itong mas bata sa tunay nitong edad dahil sa makinis at inosente nitong mukha. Elegante

at sophisticated ito sa pananamit at sa pagkilos, halatang lumaking mayaman at sunod sa layaw.

Kung hindi kilala ang babae ay iisipin ng tao na mabait ang socialite dahil inosente at maganda ang mukha nito. However, Racquel knew better. Behind her boss' innocent look was a very conceited and manipulative mind.

Sa pakiramdam ng personal secretary ay hindi na rin siya tatagal sa pagtatrabaho rito. Ngayon niya na-realize ang dahilan kung bakit ang bilis ng turn-over rate ng secretary nito.

Nagtitiis lang siya dahil malaki ang suweldo at kailangan niya sa pagpapaaral sa mga kapatid. Isa pa, nahihiya siya sa kaibigang si Meredith dahil ito ang nagrekomenda sa kanya sa trabahong ito.

Pagbalik niya sa mesa sa restaurant ay nakataas na ang kilay ni Margaret.

"What?"

"His flight got delayed, Ma'am. Pero darating daw po."

"Sh*t! Why did I agree to meet this man?" Bumilis ang hitit nito sa sigarilyo.

Gustong sabihin ni Racquel na importante ang

meeting na ito dahil may posibilidad na maging business partner ng kompanya ang negosyanteng kakatagpuin nila. Hindi alam ng lahat na nagsisimula nang malugi ang mga negosyo ng mga Fuentes. Kung sa anong dahilan ay hindi rin alam ni Racquel. *Marahil ay sa kapritso ng bruhildang si Margaret*, naisip niya.

Sa halip na magsalita ay minabuti niyang tumahimik na lang. Alam niyang kapag nasa ganitong mood na ang babae ay wala itong rason.

“Kung hindi ako nagkakamali ay isa na naman ito sa mga retired at matandang business partner ni Papa. If Papa did not ask me to do this—“ Natigilan naiinis na dalaga sa litanya nito nang may lumapit na matangkad na lalaki sa mesa nila.

“Miss Fuentes?”

Tumingala si Margaret. Nakita ni Racquel ang isang gorgeous na lalaki. Mukha itong pirata sa suot na hikaw at tanned complexion. Nakasuot ito ng casual jeans at white polo shirt. Gusto niyang alisin ang suot na eyeglasses upang masipat nang husto ang lalaki. Pinigilan niya ang sariling mapasipol.

“Yes?” Nakangiti na ang socialite. Napalitan ng interes ang pagkabagot nito.

"My flight got delayed from Batanes. I'm sorry if the old and retired business partner arrived late. I am Bryan Ignacio." Yumuko ito nang bahagya. May amusement sa mga mata nito na tila nagsasabing narinig nito ang sinabi ni Margaret.

Napanganga ang babae. Gustong matawa ni Racquel pagkakitang sa unang pagkakataon ay nawalan ng composure ang amo. Lihim niyang pinalakpakan ang lalaking bagong dating.

"Oh, you are younger than I thought." Natauhan si Margaret. Ngumiti ito na tila nagugustuhan ang nakikita. "Anyway, you are worth waiting for."

May narinig ba siyang flirtation sa boses nito? Kunsabagay ay mahilig sa guwapo ang amo. Ilang ulit na ba itong nagpalit ng boyfriend na tila nagpapalit lang ng designer bag?

"So, your father could not come. I hope we can still talk about business and agree on some things?"

"Yes, we can do that." Idinantay nito ang isang kamay sa braso ng binata. "But not here."

"Why?"

"I prefer to talk in comfort. How about coming for dinner at home?"

"Ayokong makaabala—"

"Oh no, don't feel that. I'm sure Papa will be delighted to see you."

Sinipat ni Racquel si Bryan Ignacio. Nakita niya na seryoso ito sa pakikipag-usap kay Margaret. All business. Sa tingin niya ay hindi ito ang typical na lalaking paiiyakin ng malditang amo. It could be the other way round. If ever, baka nakilala na ni Margaret ang katapat nito.

*MUKHA SIYANG BATANG YAGIT*, naisip ni Meredith pagbaba niya ng taxi. Sinipat niya ang sarili. May kaunting putik na bumahid sa kanyang black polo shirt at jeans. Pati ang trekking boots niya ay maputik. Mula sa working site ay dumerecho siya sa airport. Wala na siyang oras na magpalit pa ng damit.

Dahan-dahan siyang pumasok ng gate. Mula sa kinaroroonan niya ay nakita niyang nakasindi ang ilaw ng dining room. Marahil ay kumakain na ng dinner sa ngayon ang kanyang ama at kapatid. Papasok siya mula sa likuran ng bahay at dederecho sa kuwarto niya sa itaas.

Sana ay hindi siya makita ng kanyang papa at Ate

Margaret. Ayaw niyang makita ang pangungunsumi ng ama sa kanyang mga inaasal at ang pambubuwisit ng kapatid sa moda niya ng pananamit. Wala na siyang ginawang tama sa mga mata ng mga ito. Kaya sinisiguro niyang nasa good behavior at proper clothing siya kapag nasa presence ng mga ito.

Nasaan na kaya si Yaya Celia? Heto lang ang excited na makita siyang muli. Hindi niya nakalimutan ang mga bilin nitong souvenirs mula sa Batanes.

Kinuha niya ang backpack at maingat na tinahak ang madilim na bakuran. Umulan kaninang hapon kaya madulas ang lupa. Mas safe sa kanyang pumasok mula sa kusina dahil sigurado siyang hindi pupunta roon si Margaret. Wala itong hilig sa domestic chores tulad ng pagluluto. Mas forte nito ang business na tulad ng kanilang ama.

Pumikit si Meredith. Ayaw niyang makaramdam ng inggit sa tuwing naiisip na mas paborito ni Sergio ang kanyang ate. Sa halip ay nag-concentrate siya sa amoy ng basang lupa pagkatapos ng ulan at sa nakakakalmang amoy ng dahon at mga halaman. Sana ay nasa Batanes siya uli. Mas at home siya sa natural surroundings kaysa sa mansion na tinitirhan niya. May narinig siyang usapan mula sa pinto ng

verandah.

“I’m glad you visited us.”

“The pleasure is mine,” sagot ng bisita nito.

“Do you want to see the garden?”

Natigilan si Meredith nang marinig ang mga boses. *Oh no!* She can see her sister and a man walking toward her direction. Yumuko siya at naghanap ng shortcut. Kailangan niyang dumaan sa swimming pool para makaiwas sa mga ito.

Sa kanyang pagmamadali ay hindi siya naging maingat. Nadulas siya sa gilid ng swimming pool at tuloy-tuloy siyang bumagsak sa tubig. Isang malakas na splash ang umalingawngaw sa buong bakuran.

Ang sumunod niyang naisip ay hindi siya marunong lumangoy. Malalim ang swimming pool. Tinangka niyang mag-floating, pero dahil sa kabiglaan ay lumubog siya. Inalis niya ang backpack dahil mabigat ito, pero hindi pa rin siya umakyat sa ibabaw ng tubig.

*What a sorry way to die*, naisip ng hysterical na dalaga pagkatapos ay ipinikit niya ang mga mata.

Hindi niya namalayan ang mga braso na kumabig sa kanya mula sa tubig. O ang mga kamay

na humawi sa kanyang buhok mula sa mukha. O ang mga kamay na nagbigay sa kanya ng first aid. Natauhan na lang siya nang may labi na humihinga sa kanyang bibig. Nanlaki ang mga mata niya sa kabila ng pagiging groggy.

"Are you all right?" tanong ni Bryan sa dalaga.

"Ikaw na naman." Iyon lang ang naibulong ni Meredith nang makita ang mukha ng lalaking hubad na nakilala niya sa Batanes. Patay na nga siguro siya dahil kung anu-ano ang nakikita niya. Muli siyang pumikit.

"Unfortunately, yes. Ako na naman nga," bulong nito. Nakangiti na ito nang mapansin na bumabalik na ang kulay ng dalaga.

"Is she going to be all right?" Narinig niyang boses ni Margaret ang nagsalita.

"Yes, a little bit shocked but she is going to live."

"Such a stupid girl," naiinis na komento nito.

Hindi pa ako patay, naiinis na naisip niya. Naririnig pa rin niya ang boses ni Margaret. Kung ganoon ay talagang nasa bahay nila ang Bryan na ito. Nagmulat siya ng mga mata.

"What are you doing here?" bulong niya.

"I just saved you from drowning." Maingat siyang binuhat ng binata. "Where is her bedroom?" baling nito kay Margaret.

"Upstairs. First door to the right," malamig nitong sagot.

Nakita ni Meredith ang kapatid na nanlilisik ang mga mata sa kanya na tila nagsasabing istorbo talaga siya sa buhay nito. May humawak sa isa niyang kamay. Ngumiti siya nang bahagya nang makita ang kaibigang si Racquel.

"Ayos ka na ba?" nag-aalalang bati nito.

Ngumiti lang siya rito. Pati pagtango ay malaking effort sa kanya.

"I... I can walk now." Pinilit niyang kumawala kay Bryan.

"Shut up," sagot nito.

Namula siya sa pagiging arogante ng lalaki. Nakita niyang lihim na napangiti si Racquel. Nanlalambot na pinabayaan na lang niyang buhatin siya ng binata. Isa pa, maganda ang pakiramdam niya habang nakadampi ang pisngi sa dibdib nito. May feeling of security na matagal na niyang hindi nararamdaman. Naaamoy rin niya ang male scent

nito na gusto ng ilong niya. Hindi pabango kundi natural na amoy ng lalaki.

Inilapag siya nito sa bathroom ng kuwarto niya.

"Better take a hot shower. You will feel better afterwards. You need help?"

Bago pa siya nakatanggi ay hawak na nito ang butones ng kanyang polo shirt.

"T-teka muna!" Nagising si Meredith sa kanyang lethargy at nakitang natatawa ang lalaki. Kung gayon, alam nito na mabilis siyang magre-react sa gagawin nito.

"I'm very good with undressing women, you know. With what you thought as my kind of job."

"I bet!" Galit na ang dalaga. Muli ay nararamdaman niyang lihim siyang pinagtatawanan nito. Gusto niyang suntukin ang mukha nito.

May narinig silang tumikhim. Si Racquel iyon at namamangha ito sa inis na nakikita kay Meredith. Normally ay mahinahon ang kaibigan, pero parang kumukulo ang dugo nito sa binata.

"I think I can help Meredith from here."

Nagkibit-balikat si Bryan at pasipol-sipol na

lumabas ng kuwarto. Gustong ibato ni Meredith ang pinakamalapit na flower vase sa ulo nito.

PAGKARAAN NG HOT SHOWER ay umayos na uli ang pakiramdam ni Meredith. Paglabas niya ng bathroom ay nakita niyang nakaupo si Racquel sa kanyang kama. May naglalarong ngiti sa labi nito.

“What’s so funny?” tanong niya.

“Ikaw at si Bryan Ignacio. Para kayong aso at pusa. Nakakakilig.”

Naiiling na binuksan niya ang cabinet at pumili ng simpleng t-shirt at jeans. Typical romantic Racquel.

“I don’t know why that guy is here—”

“He is your father’s business partner.”

“What?” Namutla siya.

“Bakit?”

Tinakpan ni Meredith ang mukha. Damn, she has really ruined it. “Nakilala ko na siya sa Batanes. I was very rude to him.”

“Bakit naman?”

"Akala ko kasi gigolo siya."

Napahagikgik si Racquel. "That man is so gorgeous! Bakit mo sasabihing gigolo?"

"Exactly! Kaya ko napagkamalang gigolo kasi masyadong guwapo. Isa pa, nakita mo iyong hikaw niya sa isang tenga?"

"It looks good on him. Hindi lahat ng lalaking may hikaw ay gigolo."

Hindi niya masabing nakita niya rin itong hubad sa kuweba. Lalo lang siyang iinisin ng kaibigan. Isusuot na sana niya ang t-shirt nang hablutin iyon ni Racquel. Kumuha ito ng magandang blusa sa kanyang cabinet.

"Wear something nice today, my friend. I think this will be an interesting evening."

"At bakit? Wala akong balak sumabay ng dinner."

"They are expecting us. Orders from your sister."

"Wala ako sa mood humarap sa bisita."

Naglalaro ang pilyang kislap sa mga mata ni Racquel. "Apektado ka masyado kay Bryan. If I know better—"

"Hindi si Bryan ang type ko."

"Really?" Skeptic ang kaibigan. "Hindi ka normal kung di ka maa-attract kay Bryan Ignacio."

"Alam mong in love ako kay Abel."

Napangiwi ito. "D'un sa palakang iyon? Ano ba ang gayumang pinainom sa 'yo ng aroganteng nerd na iyon?"

"Racquel!"

"I just don't understand. He totally ignores you knowing that you like him so much. Hay, Meredith, magising ka na! Hindi ko type 'yang si Abel para sa 'yo."

"At bakit?" Namaywang siya.

"He has this inflated ego. You are too good for him. You deserve a real man like Bryan."

Umismid siya. "Ayoko sa playboy type na tulad niya."

"Sino'ng nagsabing playboy siya? Hindi mo pa siya kilala."

"Naaamoy ko na ang playboy, isang kilometro pa lang sa akin. It's too obvious. Isa pa, hindi niya ako type. Halatang isang katulad ni Ate Margaret ang gusto niya."

“Wanna bet?” Tumaas ang kilay nito.

“Yes, I will bet my one month salary to you.”

Ngumiti na si Racquel. “Okay, I am in.”

“Ha?” Nagulat siya. Seryoso ba ito?

“One month salary, sinabi mo ‘yan. Kapag type ka ni Bryan, you give me your one-month suweldo. Kapag mali ako at pinatulan niya si Margaret, ako ang magbibigay ng suweldo ko.”

Naiiling na isinuot ni Meredith ang blusa. Tiningnan niya ang hitsura sa salamin. Mukha siyang nalunod na daga sa lifeless na buhok at makapal na salamin. Humugot siya ng malalim na hininga. Kakailanganin niyang maging kalmante ngayong gabi. Pakiramdam niya ay maiinis na naman siya sa lalaki.

# 3

Minabuti ni Meredith na tumahimik lang habang kumakain ng dinner. Pinabayaan niyang i-dominate ng kanyang papa at Ate Margaret ang usapan sa dining table. Tulad ng dati ay tungkol sa negosyo ang topic nila.

Si Bryan ay nakasuot ng medyo maluwang na polo shirt na tingin niya ay pinahiram ng kanyang ama. Nang tumalon ito sa swimming pool ay natural na nabasa ang lahat ng kasuotan nito.

Napansin niya na extra sweet ang ate niya sa bisita nila. Hindi pa niya ito nakitang personal na naglagay ng pagkain sa plato ng bisita nila o kahit sa current boyfriend nito. Pero kay Bryan ay kakaiba ang treatment nito. Hindi siya magtataka kung mahulog ang loob ng binata sa kanyang nakatatandang kapatid pagkatapos ng gabing ito.

Samantala, nahalata rin niyang charming ang ama kay Bryan. Na tila nais nitong makumbinsi ang lalaki na maging business partner sa lalong madaling panahon. Namomroblema na ba sa finances si Sergio para maging desperado sa additional capital na puwedeng ilagay ni Bryan?

Humati si Meredith ng kapirasong beef steak sa kanyang plato at isinubo ito. Hindi niya gusto ang steak na nasa plato niya. Hindi ito masyadong luto. Ngumuya siya pero hindi niya nalalasahan ang pagkain. Gusto na lang niyang humiga sa sariling kama at matulog.

"Don't you like your food?" tanong ni Bryan kay Meredith. Pinutol nito in mid-sentence kung anuman ang sinasabi ni Margaret.

"Yes, I like it. Thank you."

"You don't seem to like your steak half-done."

"It's okay."

Nagulat siya nang ipalit ni Bryan ang plato sa plato niya. "Mine is well-done. You can have it."

Namula si Meredith nang husto. Naramdaman niyang may sumipa sa paa niya. Alam niyang paa ni Racquel iyon. Kahit hindi siya tumingin sa direksyon ng kaibigan ay aware siya sa ngiti nito. Samantala, nakita niyang natigilan si Margaret.

"Bryan, you didn't have to do that. We could have asked the cook to give her another portion."

"It's okay, I'm not very particular with my steak." Nagsimula na itong kumain.

Nagkibit-balikat lang si Sergio. Sa edad na sixty ay medyo nabawasan na ang vitality nito. Ngunit maliban sa ilang business affairs na binibigay nito kay Margaret ay ito pa rin ang namamalakad sa negosyo ng pamilya. "Bryan, hijo, I like the way you handle things informally."

"I find it better. Mas efficient kapag hindi masyadong istrikto. I personally apply it in business."

Pinabayaan ni Meredith na umikot ang usapan sa paligid niya. Sanay na siya sa ganito. Iyong nakikinig lang. Minsan, mas gusto niyang huwag na lang magsalita para lalong mas kaunti anuman ang pagkakamali niya sa mata ng kanyang ama at kapatid.

"I think you can really contribute well in our business partnership. Have you been thinking about it?"

"As a matter of fact, yes. I have a few questions, though."

"Then ask away, Bryan. Margaret and I would just be willing to give any information you need."

"Perhaps not this time. Ayokong mainip si Meredith sa usapang-negosyo."

"It's okay," gigil na sagot niya. Bakit ba nasama na naman siya sa usapan?

"Meredith has no business sense. She is more interested in old artifacts," uyam ni Margaret.

"That's why she became an anthropologist?" tanong ni Bryan.

Tumalas ang mga mata ng babae. "You know my sister before?"

"Yes, we met in Batanes. I was on vacation."

"Walang nasasabi si Meredith tungkol dito."

*Bakit ako magkukuwento? We're not close*, naisip niya. "It was just a chance meeting," defensive na sabi niya.

"But it's a memorable one. You see, nagkakilala kami sa loob ng kuweba at—"

Bago pa ikuwento ni Bryan ang buong nakakahiyang istorya ay sumalo na si Meredith. "I did not know that I will meet Mr. Ignacio again."

"It's a small world, after all. Tingnan mo nga naman, akalain mo bang makikilala mo ang kapatid ko sa God-forsaken place na iyon."

"Batanes is wonderful, Margaret."

"Not for me. I prefer city life. But Meredith here would want to live in the mountains and be with her old stones."

Nagkuyom ang kamay niya, pero hindi niya kinontra ang sinabi ng kapatid. Nakita niyang nakakunot-noo si Bryan na nakatingin sa kanya na tila naghihintay ng kahit anong reaction mula sa kanya.

"I think each person is entitled to his own interest." Ang binata ang nagsalita.

"Pero hindi ko maintindihan kung bakit malaki ang interes niya sa anthropology. It's so old."

"It plays a big role in society, Ate. Don't underestimate my work so much."

"My dear weird sister." Kinindatan nito si Bryan. "Meredith has always been queer kahit noong mga bata kami. Too quiet and intense. We have nothing in common at all. That's why Papa doesn't encourage her to join the business. She has no PR at all."

Naiinis na nakikinig lang si Racquel sa litanya ng veiled insults ng malditang amo. Katulad ng dati ay yuyuko lang si Meredith. Hindi ito makikipagtalo.

"Shall we retire to the living room?" Tumayo na

si Margaret na tila bored sa usapan.

Nakahinga nang maluwag si Meredith.Tumayo na rin siya at nagsimulang lumakad patungo sa kabilang direksyon nang hawakan ni Bryan ang kamay niya.

“Where are you going?”

“Magpapahinga na ako.”

“I was looking forward to talking to you again.”

Conscious siya sa hawak nito at sa naghihintay na si Margaret. “You will be talking business. I don’t want to be in the way.”

“You are a family member, aren’t you?”

“Yes!”

“Then, why are you acting like a servant around here?” sarkastikong bulong ni Bryan.

“Mind your own business,” asik niya pagkatapos ay hinalbot niya ang kamay mula sa pagkakahawak nito

Halos takbuhin ni Meredith ang kuwarto dahil nararamdaman niyang naninikip ang kanyang dibdib. Nahalata rin pala ni Bryan ang kakaibang atmosphere sa bahay nila.

KINABUKASAN, nasa bad mood si Meredith. Sabi nga nila, when it rains, it pours. Isa ito sa mga araw na iyon sa dalaga.

Na-traffic siya papunta sa universidad. Masakit din ang kanyang ulo dahil hindi siya nakatulog nang nakaraang gabi. Bumabalik pa rin sa isip niya ang expression ni Bryan; iyong tila disappointed ito sa pananahimik niya kapag nang-iinsulto si Margaret.

Ngayon ay nasa loob siya ng anthropology class. Ang ibang estudyante ay walang interes habang nagaganap ang group presentation. May isang estudyante na bumaligtad sa silya pagkatapos nitong antukin. Nagtawanan ang lahat sa nangyari.

"Quiet!" Gustong sumabog ni Meredith. Lahat ng masamang pangyayari ay nais niyang ibunton sa buong klase. Umupo na rin ang estudyanteng may presentation. Tumahimik din ang lahat. Madalang lang maging mabagsik si Meredith sa klase kaya nagulat ang mga estudyante.

"Any questions with the presentation?"

May isang kamay na nagtaas.

"Yes, Laurence?" Ang estudyante ang pinakapilyo sa buong klase. Alam niyang magpapatawa lang ito.

"The presentation is about culture during the Neolithic Age. It seems to me that the report is not complete."

"In what way?"

"There is hardly any discussion about sexual rituals during that age."

Muling nagtawanan ang mga estudyante.

Namula si Mereditg. "Then, why don't you read about it?"

Napakamot si Laurence. "Pero, Miss Fuentes, I was hoping you will do that."

Naghagikgikan ang mga estudyante. Napansin niyang nakatingin ang mga ito sa isang direksyon na malapit sa pintuan. Nanlaki ang mga mata niya nang makita si Bryan. Kumindat ito sa kanya at umupo sa bakanteng upuan. Nginitian din nito ang grupo ng babaeng kinikilig.

Shucks! Bakit ba kahit saan siya magpunta ay naroon ang binata. Talaga yatang binubuwisit nito ang araw niya! Tumingin siya sa oras. Time to dismiss the class.

"Unfortunately, there is no time to do that, Laurence. Since you are insistent, I am giving you

the assignment to read about it and then report it in class next meeting."

Nadismaya si Laurence. Bumalik dito ang joke. "P-pero, Ma'am—"

"Do it and I will give you extra points."

"Okay." Nakumbinsi na rin ito. Tumayo na ang mga estudyante at nagpaalam sa kanya. Nagpaalam din ang ilang kababaihang estudyante kay Bryan.

Hindi niya masisisi ang mga ito dahil guwapo talaga ang binata habang kaswal na nakaupo. Nakasuot lang ito ng polo shirt at jeans, pero mukha itong modelo sa pagiging casual.

"I think I will come next time," pagbati nito. "Your discussion should be interesting."

Hindi niya pinansin ang pagbibiro nito. Para rin itong si Laurence na fascinated sa sexual rituals. "Napadaan ka yata?" kaswal na turan ni Meredith.

"Yes, I wanted to invite you for lunch."

"May baon ako."

"Then maybe for coffee?"

Sinimulan niyang ligpitin ang mga gamit sa mesa. "I have my next class."

"Yes, but that's two hours from now."

"Paano mo nalaman?"

"I looked at the schedule in your faculty room. Naisip ko lang na baka gawin mong excuse iyon. I was right." Ngumiti ito na tila batang may pinaplanong masama.

Hindi na siya nakapagreklamo nang hatakin siya ng lalaki papunta sa university cafeteria. Napansin niyang nagtinginan ang ilang co-teachers niya pagkatapos ay nagbulungan. Alam niyang nagtataka ang mga ito kung bakit sa unang pagkakataon ay may lalaking dumalaw sa kanya.

"Bakit ka narito, Mr. Ignacio?" Inalis niya ang salamin sa mata at tumingin nang direkta sa binata.

"Gusto sana kitang makausap."

"Tungkol saan?" malamig niyang usisa.

"I wanted to apologize for my behavior."

"There is nothing to apologize—"

Hinawakan nito ang kamay ng dalaga. "I made fun of your job when we were in Batanes. You love your job and I did not take it seriously. Nakita ko rin kung gaano ka kagaling na teacher dito sa

universidad. Believe me, kung anuman ang nasabi ko noon, it was all made in jest.”

Nakatitig lang siya sa binata. Bakit tila bumaligtad yata ang mundo?

“I understand now why you are so angry with me. I did not want to act like your sister.”

Binawi niya ang kamay mula rito. Ngayon ay naiintindihan na niya kung bakit nagkakaganito ang binata. “I don’t need your pity, Mr. Ignacio.”

“Bryan. You already saw me naked so why don’t you call me ‘Bryan’?”

“Order po ninyo.” Inilapag ng waitress ang order na kape at nagmamadaling umalis. Namumula ang mukha nito.

“Look what you have done!” Hindi siya magtataka kung kumalat sa buong universidad ang sinabi ng binata. Mabilis pa sa alas kuwatro ang balita rito.

“I only said the truth.”

“Pero iba ang iisipin ng tao,” salungat ni Meredith.

“Are you always so prim and proper? I don’t care

what other people think about me. So what."

"Because you can afford to do so. Ikaw si Bryan Ignacio while I am nothing."

"You are not nothing. Is this why you let your sister and your father insult you without fighting?" panghuhuli nito.

Yumuko siya. Nakaramdam siya ng matinding pagod. "Ano ba ito? Motivational guru ka na ba?"

"I want us to be friends, Meredith. Hindi ko alam kung bakit, pero magaan ang loob ko sa 'yo. Maybe because I see myself in you when I was younger."

Naging interesado si Meredith. "In what way?"

"I was an orphan."

"I'm not an orphan!"

"In a way, you are. You are alone even if you are with other people. I was like that for a while. I was transferred from one family to another. I was treated badly sometimes. Then, one day, I said I have had enough," lahad nito.

May simpatya sa kanyang mga mata. "What did you do?"

"I ran away from my foster parents. Nagpalaboy-

laboy ako at napaaway at namulot ng basura. Maraming nangyari sa buhay ko na hindi mo paniniwalaan. I hardly survived but I was happier. I was free."

May kung anong kumurot sa puso ng dalaga. Na-imagine niya ang isang batang Bryan na natutulog sa lansangan at walang makain at nilalamig.

Naging mahirap din ang buhay niya noong bata siya pero hindi umabot na kailangan niyang lumaboy sa kalsada. "I'm sorry to hear that."

"It's in the past." Nagkibit-balikat ito.

Meredith was suddenly subdued. She felt that she was childish with her treatment of Bryan. Tama nga ang binata, may emotional connection nga sa kanilang dalawa kung ibabase sa kanilang nakaraan.

"I want to be your friend."

Napangiti siya. "I have never had a male friend."

"That would be interesting then. I am your first," pambubuwisit ni Bryan.

Namula siya sa double meaning nito, pero this time medyo nasasanay na siya sa kapilyuhan nito. "I don't like first times."

Hinawakan uli nito ang kamay niya. “Can we be friends, Meredith?”

Tumango siya. Nakaramdam siya ng security sa pagkakahawak nito sa kanyang kamay. “Friends then.”

Mula sa gilid ng mata niya ay nakita niyang nakatitig si Abel sa kanya. Kararating lang nito sa loob ng cafeteria. Masama ang tingin nito sa kanya. Tumalikod na ito at umalis nang hindi man lang siya kinakausap.